



PATNUBAY SA MISA



2 Disyembre 2018

Unang Linggo ng Adbiyento

Taon K

SIMULA NG TAON NG KABATAAN PAMBANSANG LINGGO NG AIDS

Ang Pagdating ng Panginoon

Sinisimulan natin ngayon ang Bagong Taon sa Simbahan sa pamamagitan nitong Banal na Panahon ng Pagdating ng Panginoon. Tayo ay nasa Taon K ng Simbahan, na ang ibig sabihin ay kay San Lucas manggagaling ang mga pagbasa ng Ebanghelyo. Idinidiin ni San Lucas ang panalangin, ang pagpapalaganap ng Magandang Balita, at ang awa ng Diyos para sa mga dukha, nangangailangan, at makasalanan.

Ang isang pangkat ng mga taong nangangailangan sa ating panahon ay ang mga may sakit ng HIV-AIDS. Sa sakit na ito ay nanghihina ang kanilang kakayahang lumaban sa iba't ibang uri ng karamdaman. Sana'y mabigyan sila ng Panginoon ng lakas ng loob upang maharap nang maayos ang kanilang pagkakasakit.

Sinisimulan din natin dito sa Pilipinas ang Taon ng Kabataan. Ang kabataan ay hindi lamang ang hinaharap ng ating bayan. Ang kabataan ay ang kasalukuyan din ng ating lipunan dahil sa dami nila at sa kanilang kakayahang maunawaan ang mga pangkasalukuyang hamon sa tao nang higit sa kanilang mga magulang. Ang mga hamong ito ay nanggagaling sa mabilis na pag-usad ng teknolohiya. Sana'y masimulan natin nang maayos at masigla itong Bagong Taon ng Simbahan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa iyo'y nananawagan akong walang alinlangan, ikaw ay maaasahang tagapagligtas na tunay sa aglahi ng kaaway.

Pagbati

P— Ang pagpapala ng ating Panginoon Hesukristo, na dumarating sa ating buhay, ang pag-ibig ng Diyos Amang nagbalak ng ating kaligtasan, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B— At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Paghandaan natin ang pagdiriwang na ito upang maging bukas ang ating mga kalooban sa pagdating ng Panginoon. (Manahimik saglit.)

P—Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong pagdating sa aming buhay, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa biyayang dala ng iyong pagdating, Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming labis na pagmamahal sa mga bagay na lumilipas, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan!

B—Amen!

Panalangin Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, bigyan mo kami ng paninindigang tumahak sa landas ng kabutihan. Sa pagdating ni Kristo, makasalubong nawa kaming may mabubuting gawa upang kapiling niya sa gawing kanan kami ay makapisan sa iyong pinaghaharian sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Jer 33:14-16

Ang pagdating ng Panginoon ay ang pagtupad sa pangako ng Diyos. Maganda ang pangako ng Diyos. Dahil dito ay maganda rin at di dapat katakutan ang pagdating ng Panginoon. Sa kanyang pagdating ay iiral ang katarungan at katuwiran. Matatamo rin ang kaligtasan ng mga taong mapayapang namumuhay. Mapasaatin nawa itong mga katangian ng pagdating ng Panginoon.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

Sinabi pa ng Panginoon, “Dumarating na ang araw na tutuparin ko ang aking pangako sa Israel at sa Juda. At sa panahong iyon, pasisibulin ko ang matuwid na sanga ni David. Paliiralin niya ang katarungan at ang katwiran sa buong lupain.

Sa mga araw ring iyon, maliligtas ang mga taga-Juda at mapayapang mamumuhay ang mga taga-Jerusalem. At sila’y tatawagin sa pangalang ito: ‘Ang Panginoon ang ating katwiran.’”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 24

B – Sa’yo ako’y tumatawag, Poong D’yos na nagliligtas!

R. M. Velez

Musical notation for the hymn. The first line has a treble clef, key signature of one sharp (F#), and 4/4 time signature. The melody is: D4 (quarter), G4 (quarter), A4 (quarter), B4 (quarter), C5 (quarter), B4 (quarter), A4 (quarter), G4 (quarter). Chords: D (D4-F#4-A4), Bm (B4-D4-F4), G (G4-B4-D5). The second line has a treble clef, key signature of one sharp, and 4/4 time signature. The melody is: E4 (quarter), D4 (quarter), C4 (quarter), B3 (quarter), A3 (quarter), G3 (quarter), F#3 (quarter), E3 (quarter). Chords: Em (E4-G4-B4), D (D4-F#4-A4), A (A4-C#4-E4), D (D4-F#4-A4). The lyrics are: Sa 'yo a---ko'y tuma---tawag, Po-ong D'yos na nag-li-lig-tas!

* Ang kalooban mo’y ituro, O Diyos, ituro mo sana sa aba mong lingkod; ayon sa matuwid, ako ay turuan, ituro mo, Poon, ang katoohan; tagapagligtas ko na inaasahan. **B**.

* Mabuti ang Poon at makatarungan, sa mga salari’y guro at patnubay; sa mababang-loob siya yaong gabay, at nagtuturo ng kanyang kalooban. **B**.

* Tapat ang pag-ibig, siya’ng umaakay sa tumatalima sa utos at tipan. Sa tumatalima, siya’y kaibigan,

at tagapagturo ng tipan n’yang banal. **B**.

Ikalawang Pagbasa 1 Tes 3:12-4:2

Ang Unang Sulat ni San Pablo sa mga taga-Tesalonika ay nagpapahayag ng dapat maging paghahanda ng mga alagad para sa pagdating ng Panginoong Hesukristo. Kailangan silang maging banal at walang kapintasan. Magaganap lamang ito kapag sila ay nag-aalab sa pag-ibig.

L – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica

Mga kapatid: Palaguin nawa at pag-alabin ng Panginoon ang inyong pag-ibig sa isa’t isa at sa lahat ng tao, tulad ng pag-ibig namin sa inyo. Kung ito ang mangyayari, palalakasin niya ang inyong loob. Sa gayon, kayo’y mananatiling banal at walang kapintasan sa harapan ng ating Diyos at Ama hanggang sa muling pagdating ng ating Panginoong Hesus, kasama ang mga hinirang niya.

Isa pang bagay ang ipinapayo namin sa inyo sa pangalan ng Panginoong Hesus. Sana’y lalo pang pagbutihin ninyo ang pamumuhay ninyo ngayon – pamumuhay na ayon sa inyong natutuhan sa amin – upang kayo’y maging kalugud-lugod sa Diyos. Batid naman ninyo ang mga aral na ibinigay namin sa inyo buhat sa Panginoong Hesus.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya Awit 84:8

B – Aleluya! Aleluya!
Pag-ibig mo’y ipakita,
lingapin kami tuwina,
iligtas kami sa dusa!
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 21:25-28.34-36

Ang pagdating ni Hesus ay dapat magdulot ng saya at hindi ng takot. Ito ay dahil sa ang kanyang pagdating ay magdadala ng kaligtasan. Sana’y di tayo madatnan ng Panginoong nalululong sa di maayos na pamumuhay.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Mag-

kakaroon ng mga tanda sa araw, sa buwan, at sa mga bituin. Sa lupa, ang mga bansa ay masisindak at malilito dahil sa ugong at mga daluyong ng dagat. Ang mga tao’y hihimatayin sa takot dahil sa pag-iisip sa mga sakunang darating sa sanlibutan; sapagkat mayayanig at mawawala sa kani-kanilang landas ang mga planeta at iba pang katulad nito na nasa kalawakan. Sa panahong iyon, ang Anak ng Tao’y makikita nilang dumarating na nasa alapaap, may dakilang kapangyarihan at malaking karangalan.

Kapag nagsimula nang mangyari ang mga bagay na ito, magalak kayo sapagkat malapit na ang pagliligtas sa inyo.

Mag-ingat kayo na huwag magumon sa katakawan at paglalasing at mabuhos ang inyong isip sa mga intindihin sa buhay na ito; baka abutan kayo ng Araw na yaon na hindi handa. Sapagkat darating iyon nang di inaasahan ng tao sa buong daigdig. Kaya’t maging handa kayo sa lahat ng oras. Lagi ninyong idalangin na magkaroon kayo ng lakas upang makaligtas sa lahat ng mangyayaring ito at makaharap sa Anak ng Tao.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Hangad nating maging handa para sa pagdating ng Panginoon. Puno ng pananabik ating sambitin:

B—Diyos na darating sa aming buhay, dinggin mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, ang Bayang hinirang ng Diyos, upang maihanda nila nang buong sigasig ang mga tao para sa pagbabalik ni Kristo sa wakas ng panahon, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan, upang sa taong ito ng mga kabataan, ay madala nila sa ating lipunan ang ganda ng kanilang mga pangarap sa buhay, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang magsikap silang ayusin ang ating lipunan at kalikasan para maging kaaya-aya sa muling pagbabalik ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong nawawalan ng pag-asa sa buhay, lalo na ang mga nakakuha ng sakit na *HIV-AIDS*, upang lumakas ang kanilang loob sa paghilom at kaligtasanang dulot ng pagbabalik ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa simulang ito ng Banal na Panahon ng Pagdating, upang lumago tayo araw-araw sa paghahanda para masalubong si Kristo nang buong sigla, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Ama naming puspos ng karunungan, binalak Mo ang aming kaligtasan na Iyong isasakatuparan sa pagbabalik ni Kristo sa wakas ng panahon. Isugo Mo sa amin ang Iyong Espiritu at nang masalubong namin nang buong ayos ang Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B—Amen!



P—Manalangin kayo. . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga alay na ikaw rin ang nagbigay. Magdulot nawa ito ng gantimpalang kaligtasan na ngayon pa man ay amin nang pinakikinabangan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo ng Adbiyento I

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatang pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya'y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya'y naging hindi na iba sa amin upang maitampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating ang pakikisama niya'y puspusang magniningning at ang pangako niyang kapana-panabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Tunay na pauunlarin ng Poon ang buhay natin. Ang halamang nakatanim sa bukid nati't lupai'y magbubunga't aanihin.

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, mapakinabangan nawa namin ang aming pinagsaluhan upang sa aming paglalakbay dito sa lupang papanaw, aming mapanaligan ang iyong pagpapalang pangmagpakailanman sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!



P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin!

P—Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Dalisayin nawa ng Panginoon ang inyong mga kalooba't isipan.

B—Amen!

P—Gawin Niya nawa kayong mga kasangkapan ng pagbabago sa Simbahan at sa lipunan.

B—Amen!

P—Ang banal na panahon ng Adbiyento nawa'y maging tagapaghatid ng pagpapakahusay at katahimikan para sa inyong lahat.

B—Amen!

P—Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo upang ibigin at paglingkuran ang parating na Panginoon.

B—Salamat sa Diyos!

Kabataang Naghahanda sa Pagdating ng Panginoon

Dumating na ang Panginoong Hesus sa ating daigdig higit na dalawang libong taon na ang nakalilipas. Ito ay ang kanyang **unang pagdating** nang ang Anak ng Diyos ay nagkatawag-tao sa Nazareth at isinilang sa Betlehem. Ito ay ang kanyang **pagdating sa kasaysayan** at ito ay **nakaraan** na. Maaari na lamang natin itong gunitain.

Ngunit may **ikalawang pagdating** ang Panginoon. Ito ay sa **hinaharap** dahil ito ay ang kanyang **pagdating sa kaluwalhatian** sa wakas ng panahon. Ito ay ang pagdating na ating pinaghahandaan sa pamamagitan ng isang buhay na karapat-dapat sa Diyos.

Magugunita natin nang maayos ang unang pagdating ni Kristo at mapaghahandaan natin nang ganap ang kanyang ikalawang pagdating kapag sinasalubong natin siya nang buong sigla sa kanyang **ikatlong pagdating**. Ito ay ang kanyang **pagdating sa kahiwagaan** at nangyayari ito sa **kasalukuyan**.

Sa taong ito ng mga **Kabataan** sa Pilipinas, hinihikmok natin ang napakarami nating mga kabataang salubungin ang Panginoon sa kahiwagaan ng **Salita ng Diyos**. Dumarating din ang Panginoon sa ating buhay sa paraang mahiwaga sa pamamagitan ng pagdiriwang ng mga **Sakramento**. Dumarating din ang Panginoon sa mahiwagang paraan sa pamamagitan ng **kanyang mga kinatawan**, dahil si Kristo ang nagbibinyag at nagkukumpil, siya rin ang talagang nagbubunyag ng Salita ng Diyos at nagpipira-piraso ng tinapay. Si Kristo rin ang nagpapatawad ng ating mga kasalanan at nagpapahid sa ating mga maysakit ng langis ng kagalingan. Si Kristo rin ay dumarating sa pamamagitan ng **Bayan ng Diyos**, "*sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatatipon dahil sa akin, naroon akong kasama nila*" (Mateo 18:20). Maaaring makatagpo ng mga kabataan ang Panginoon sa pamamagitan ng mga **taong nakakasalamuha** nila sa buhay na ito. At nariyan pa rin ang mahiwagang pakikipagtagpo kay Kristo sa pamamagitan ng mga **pangyayari** sa ating pang-araw-araw na buhay.

Sana sa taong ito ng mga kabataan magnilay sila nang wagas sa Salita ng Diyos at dumalong

madalas sa pagdiriwang ng mga sakramento. Kailangan ding maging magalang sila sa mga may kapangyarihan sa kanila, tulad ng kanilang mga magulang, ng ating mga kaparian, ng kanilang mga guro, at ng mga namumuno sa pamahalaan. Mahalaga ring maging masigasig silang kaanib ng isang samahan sa simbahang makatutulong sa kanilang paglago sa panampalataya. Makatutulong din ang pagiging taimtim sa panalangin upang makilala si Kristo sa mga taong dumarating sa kanilang buhay at upang maunawaan nila ang kabuluhan ng mga nangyayari sa kanila sa araw-araw.

Maaari na ninyong mabili ang espesyal na
"Taon ng Kabataan"

2019 Pocket Planner & Prayer Book



mula sa
Word & Life Publications!

Isang buwanang planner, gabay sa liturhiya at aklat ng mga panalangin.

Mabibili sa
Word & Life Center
at mga religious bookstore.



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguió

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldúa